



**Buod ng mga pagbabago at update sa inyong Anthem Blue Cross
Medi-Cal na mga saklaw na benepisyo at serbisyo**

May bisa ang mga pagbabago: Enero 1, 2019

Minamahal na miyembro ng Anthem, Layunin ng sulat na ito na ipaalam sa inyo ang mga pagbabago sa inyong mga saklaw na serbisyo ng Medi-Cal sa Anthem. Inilalarawan ng mga update ang mga pagbabagong ginawa kamakailan ng Anthem, na maaaring baguhin ang inyong paraan ng pagkuha ng pangangalaga at kung saan kayo makatatawag para sa tulong. Ang mga pagbabagong ito ay dahil sa:

- Mga update sa inyong 2018 Anthem Medi-Cal Member Handbook/Evidence of Coverage.
- Mga bagong benepisyo at serbisyong magagamit ninyo bilang miyembro ng Medi-Cal ng Anthem.

Ang mga pagbabagong ginawa sa inyong 2018 Anthem Medi-Cal Member Handbook/Evidence of Coverage ay may tanda na:

- ~~ginuhitang teksto~~ upang ipakita na inalis ang teksto O
- ***naka-bold at naka-italics na teksto*** upang ipakita na idinagdag ang teksto.

Pakibasa ang mga pagbabagong ito at itabi ang sulat na ito kasama ng inyong 2018 Anthem Medi-Cal Member Handbook/Evidence of Coverage. Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa inyong mga saklaw na serbisyo at benepisyo, pakitawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa 1-888-285-7801 (TTY 711), Lunes hanggang Biyernes mula 7 a.m. hanggang 7 p.m. oras sa Pasipiko. Libre ang tawag na ito.

Seksyon: Mga benepisyo at serbisyo

Care Management program

Ang Anthem ay may pangkat ng Care Management upang tumulong na sagutin ang anumang tanong na mayroon kayo tungkol sa:

- ***Inyong pangangalagang pangkalusugan.***
- ***Pagkuha ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali (karamdaman sa kalusugan ng pag-uugali at sa paggamit ng alak o droga).***
- ***Iba pang serbisyo na maaaring makatulong sa inyo na pahasayin ang inyong kalusugan.***

Kung may mga tanong kayo tungkol sa programang Care Management, pakitawagan ang tagapamahala ng pangangalaga nang toll free sa 1-844-200 -0104 (TTY 711), Lunes hanggang Biyernes mula 8 a.m. hanggang 5 p.m., maliban sa ilang pista-opisyal.

Seksyon: Mga benepisyo at serbisyo

Diabetes Prevention Program (bagong benepisyo)

Ipinagkakaloob ng Anthem ang ***Diabetes Prevention Program (DPP)***. Isa itong programang pagbabago ng pamumuhay na nakabatay sa katibayan upang maiwasan o ihinto ang pagsisimula ng type 2 diabetes sa mga taong na-diagnose na may panimulang diabetes. Magtatagal ang programa nang isang taon ant maaaring magpatuloy ng isa pang karagdagang taon para sa mga kuwalipikadong miyembro. Gumagamit ang programa ng mga aprubadong pagbabago sa pamumuhay kabilang ang ngunit hindi limitado sa:

- Naglalaan ng tagasanay na isang kasamahan.
- Nagtuturo ng pagsubaybay sa sarili at paglutas sa problema.
- Nagbibigay ng suporta at feedback.
- Nagbibigay ng mga payo upang suportahan ang mga layunin.
- Sinusubaybayan ang mga karaniwang pagtitimbang upang maabot ang mga mithiin.

Ang DPP ay ipinagkakaloob nang virtual o personal, depende sa inyong lokasyon at mga pangangailangan. Ang mga miyembrong interesado sa DPP ay dapat matugunan ang mga patakaran sa pagiging karapat-dapat sa programa tulad ng mga partikular na level para sa pag-aayuno, mga level ng blood glucose at mga pagsusukat ng body mass index. Upang malaman pa at upang masuri ang pagiging karapat-dapat sa DPP, maaaring bisitahin ng mga miyembro ang www.solera4me.com/AnthemBC_MediCal.

Upang malaman pa, tumawag sa aming Sentro sa Pangangalaga sa Customer sa 1-888-285-7801 (TTY 711), Lunes hanggang Biyernes mula 7 a.m. hanggang 7 p.m. oras sa Pasipiko.

Seksyon: Mga benepisyo at serbisyo

Health Homes Program (bagong benepisyo)

Paglalarawan:

Sinasaklaw ng Anthem ang mga serbisyo ng ***Health Homes Program (HHP)*** para sa Mga Miyembro na may mga partikular na hindi gumagaling na kondisyon ng kalusugan. Ang mga serbisyong ito ay para tumulong na pangasiwaan ang mga serbisyo para sa pisikal na kalusugan, kalusugan ng pag-uugali at ng mga pangmatagalang serbisyo at suporta (long term services and supports, LTSS) (LTSS) sa komunidad para sa mga Miyembrong may hindi gumagaling na mga kondisyon.

Maaari kayong tumawag kung kuwalipikado kayo para sa programa. Maaari din kayong tumawag sa Anthem, o makipag-usap sa inyong doktor o tauhan sa klinika, upang malaman kung makatatanggap kayo ng mga serbisyong HHP. Maaari kayong maging kuwalipikado para sa HHP kung:

Mayroon kayong mga partikular na hindi gumagaling na kondisyon ng kalusugan. Maaari ninyong tawagan ang Anthem para malaman ang mga kondisyon na kuwalipikado; at natutugunan ninyo ang isa sa mga kondisyong ito:

- **Mayroon kayong tatlo o mahigit pang mga hindi gumagaling na kondisyon na karapat-dapat para sa HHP**
- **Namalagi kayo sa ospital noong nakaraang taon**
- **Pumunta kayo sa departamento para sa emergency nang tatlo o mahigit pang beses noong nakaraang taon; o**
- **Wala kayong lugar na matitirhan.**

Hindi kayo karapat-dapat tumanggap ng mga serbisyo ng HHP kung:

Tumatanggap kayo ng mga serbisyo ng hospisyong; o nakatira kayo sa isang skilled nursing facility nang mas mahaba sa buwan nang ipinasok kayo rito kasama ang susunod na buwan.

Mga sakop na serbisyo ng HHP:

Bibigyan kayo ng HHP coordinator ng pangangalaga at pangkat ng pangangalaga na tutulong sa inyo at sa inyong mga provider ng pangangalagang pangkalusugan, tulad ng inyong mga doktor, espesyalista, parmasyutiko, tagapamahala ng kaso, at iba pa, upang ikoordinang ang inyong pangangalaga. Ang Anthem ay nagbibigay ng amga serbisyo ng HHP, na kinabibilangan ng:

- **Kumpletong Pamamahala Ng Pangangalaga**
- **Pangangasiwa ng Pangangalaga**
- **Pagtataguyod ng Kalusugan**
- **Kumpletong Pangangalaga sa Panahon ng Paglipat sa Ibang Lugar o Anyo ng Pangangalaga**
- **Mga Serbisyonang Pansuporta sa Indibidwal at Pamilya**
- **Pag-refer sa mga Suporta sa Komunidad at Lipunan**

Gastos ng Miyembro:

Hindi sisingilin ang Miyembro para sa mga serbisyo ng HHP

Maaari kayong tawagan ng Anthem at ng mga kasosyo nito kung matugunan ninyo ang mga tuntunin. Upang malaman pa, tumawag sa Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa 1-888-285-7801 (TTY 711), Lunes hanggang Biyernes mula 7 a.m. hanggang 7 p.m. oras sa Pasipiko.

Seksyon: Mga benepisyo at serbisyo

Pediatric Palliative Care (bagong benepisyo)

Simula Enero 1, 2019, ipagkakaloob ang mga serbisyonang Pediatric Palliative Care (PPC) ng Contracted Pediatric Palliative Care Providers.

Makakatulong ang PPC na iugnay ang mga karapat-dapat na batang may malulubhang sakit, at ang kanilang mga pamilya, sa mga serbisyong pangangalagang pampakalma, kabilang ang: pangangasiwa ng pangangalaga, pangangasiwa sa pananakit at sintomas, mga expressive therapy, in-home respite care at iba pang mga serbisyong sa pagsuporta. Binibigyan ng PPC ang mga pamilya ng ekstrang tulong habang ipinagpapatuloy nila ang pangangalaga sa pagpapagaling. Upang malaman pa, tumawag sa aming Sentro sa Pangangalaga sa Customer sa 1-888-285-7801 (TTY 711), Lunes hanggang Biyernes mula 7 a.m. hanggang 7 p.m. oras sa Pasipiko.

Seksyon: Mga benepisyo at serbisyo

Mga serbisyo para sa mga bata

Nag-aalok ang Anthem ng *early and periodic screening, diagnostic and treatment (EPSDT)*.

- ***Kung kayo o ang inyong anak ay wala pang 21 taong gulang, sasakupin ng Anthem ang mga well child visit. Ang mga well-child visit ay pangmalawakang hanay ng mga serbisyong pag-iwas, pag-screen, pag-diagnose at paggamot.***
- ***Ang Anthem ay gagawa ng mga appointment at magbibigay ng transportasyon upang tulungan ang mga bata na makuha ang pangangalagang kailangan nila.***
- ***Ang pangangalagang pag-iwas sa sakit ay maaaring ang regular na pagpapatingin at pag-screen ng kalusugan upang tulungan ang inyong doktor na tukuyin ang mga problema nang maaga. Tumutulong ang mga regular na pagpapatingin sa inyong doktor na hanapin ang anumang problema sa inyong kalusugang medikal, ngipin, paningin, pandinig, pag-iisip, at anumang sakit sa paggamit ng alak at droga. Sinasaklaw ng Anthem mga serbisyong pag-screen anumang panahon na kailangan ang mga ito, kahit hindi oras ng inyong regular na pagpapatingin. At, maaaring ang pangangalaga upang makaiwas sa sakit ay ang mga bakuna na kailangan ninyo o ng inyong anak. Dapat siguraduhin ng Anthem na ang lahat ng batang nakatala ay makakuha ng mga kailangang bakuna sa oras ng kanilang pagpapatingin.***
- ***Kung may makitang problema sa kalusugan ng katawan o pag-iisip sa oras ng pagpapatingin o pag-screen, maaaring magkaroon ng pangangalaga na maaaring mag-ayos o tumulong sa problema. Kung ang pangangalaga ay kinakailangan dahil sa medikal na kalagayan; at responsable ang Anthem sa pagbabayad para sa pangangalaga, sinasaklaw ng Anthem ang pangangalaga nang walang sinisingil sa inyo. Kasama sa mga serbisyong ito ang:***
 - ***Doktor, nurse na practitioner at pangangalaga sa ospital.***
 - ***Mga bakuna upang panatilihin kayong malusog.***
 - ***Mga physical, speech/language at occupational therapy.***
 - ***Mga serbisyong pangkalusugan sa tahanan, na maaaring mga kagamitang medikal, supply at kasangkapan.***
 - ***Paggamot sa paningin at pandinig, na maaaring mga salamin sa mata at hearing aid.***

- *Behavioral Health Treatment para sa mga sakit na autism at iba pang kapansanan sa pag-unlad.*
- *Pamamahala ng kaso, pamamahala ng partikular na kaso, at edukasyon sa kalusugan.*
- *Reconstructive surgery, operasyon upang itama o ayusin ang mga di-normal na istruktura ng katawan na sanhi ng mga sakit mula sa pagkabata, mga abnormalidad sa paglaki, trauma, impeksiyon, bukol o sakit upang mapabuti ang paggana o maging normal ang hitsura.*
- *Kung ang pangangalaga ay kinakailangan dahil sa medikal na kalagayan at hindi responsable ang Anthem sa pagbabayad ng pangangalaga, tutulungan kayo ng Anthem na makuha ang tamang pangangalaga na inyong kailangan. Kasama sa mga serbisyong ito ang:*
 - *Paggamot at mga serbisyong panrehabilitasyon para sa kalusugan ng pag-iisip at mga sakit sa paggamit ng alak o droga.*
 - *Ang paggamot para sa mga problema sa ngipin, na maaaring orthodontics.*
 - *Mga serbisyo ng pribadong nakatalagang nurse.*

Seksyon: Mga benepisyo at serbisyo

Pharmacy at Home program

Para sa mga miyembrong nasa Los Angeles na kuwalipikado, inihahandog ng Anthem ang programang Safe Choice. Upang malaman pa ang tungkol sa programang Pharmacy at Home o Safe Choice, tumawag sa Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa 1-800-407-4627 (TTY 1-888-757-6034), Lunes hanggang Biyernes mula 7 a.m. hanggang 7 p.m. oras sa Pasipiko.

Pharmacy Member Services

Para sa mga miyembrong nangangailangan ng tulong sa kanilang mga reseta na itinitingi, pakitawagan ang Medi-Cal Pharmacy Member Services sa 1-833-205-6004 (TTY 711).

Seksyon: Mga benepisyo at serbisyo

Transportasyon (idinagdag na benepisyo)

Nagpapatuloy ang Anthem sa pagpapabuti ng pag-access sa pangangalaga ng aming mga miyembro at karaniwang itinataas ang antas ng serbisyo sa aming programang pantransportasyon para sa mga pangangailangang pang-medikal at hindi pang-medikal na transportasyon. Para malaman pa, pumunta sa www.anthem.com/ca/medi-cal at/o tumawag sa Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa 1-888-285-7801 (TTY 711), Lunes hanggang Biyernes mula 7 a.m. hanggang 7 p.m. oras sa Pasipiko.

Kung nakakaranas ka ng medikal na emergency, pakitawagan ang 911.

Upang humiling ng transportasyon, tumawag sa linya ng Reservation sa 1-877-931-4755. Kailangang gawin ang mga Reservation Lunes hanggang Biyernes, mula 7 a.m. hanggang

7 p.m. lokal na oras. Kailangang gawin ang mga kahilingan para sa transportasyon nang maaga at hindi bababa sa 5 araw na may pasok ng inyong appointment.

Mangyaring ihanda ang sumusunod na impormasyon kapag gumagawa ng reserbasyon:

- *Ang inyong numero ng ID ng miyembro sa Anthem Medi-Cal*
- *Pangalan, address at numero ng telepono ng pasilidad na pupuntahan ninyo*
- *Petsa at oras ng appointment*

Para sa tulong sa isang naka-iskedyul nang reserbasyon, tumawag sa linya ng Ride Assist sa 1-877-931-4756 (TTY 1-866-288-3133). Gamitin ang numerong ito upang i-activate ang “Will Call” na pagsundo o kung ang inyong transportasyon ay nahuli para sa naka-iskedyul na pagsundo. Pakigamit din ang numerong ito upang baguhin o kanselahin ang dati nang naka-iskedyul na reserbasyon.

Seksyon: Mahahalagang numero at salita na dapat malaman

Early and periodic screening, diagnosis and treatment (EPSDT): Ang mga serbisyong EPSDT ay benepisyo para sa mga miyembro ng Medi-Cal na wala pang 21 taon upang mapanatili silang malusog. Dapat matanggap ng mga miyembro ang mga tamang pagsusuri ng kalusugan para sa kanilang edad at mga angkop na pag-screen upang malaman ang mga problema sa kalusugan at magamot nang maaga ang mga karamdaman.

Kinakailangan dahil sa medikal na kalagayan (o medikal na kinakailangan): Mahahalagang serbisyo ang pangangalagang kinakailangan dahil sa medikal na kalagayan na makatwiran at nangangalaga sa buhay. Kinakailangan ang pangangalagang ito upang panatilihing hindi magkaroon ng malubhang sakit o magkaroon ng kapansanan ang mga pasyente. Binabawasan ng pangangalagang ito ang matinding pananakit sa pamamagitan ng paggamot sa sakit, karamdaman o pinsala. Para sa mga miyembrong wala pang 21, kabilang sa mga serbisyo ng Medi-Cal ang pangangalagang kinakailangan dahil sa medikal na kalagayan upang gamutin o tulungan ang isang kondisyon o sakit ng katawan o ng pag-iisip, kabilang ang mga sakit sa paggamit ng alak at droga, ayon sa nakatakda sa Section 1396d(r) of Title 42 of the United States Code.

www.anthem.com/ca/medi-cal

Kailangan ba ninyo ng tulong sa inyong pangangalagang pangkalusugan, sa pakikipag-usap sa amin o sa pagbabasa ng mga ipinadala namin sa inyo? Ibinibigay namin ang aming mga babasahin sa iba pang mga wika at format, kabilang ang Braille, malalaking letra at audio nang wala kang gastos. Tawagan kami nang libre sa

1-888-285-7801 (TTY 711) (L.A. Care); 1-800-407-4627
(TTY 1-888-757-6034) (Medi-Cal).

Ang Anthem Blue Cross ay ang trade name ng Blue Cross of California. Ang Anthem Blue Cross at Blue Cross of California Partnership Plan, Inc. ay mga independenteng licensee ng Blue Cross Association. Ang Anthem ay rehistradong trademark ng Anthem Insurance Companies, Inc. Ang Blue Cross of California ay nakikipagkontrata sa L.A. Care Health Plan upang magbigay ng mga Medi-Cal Managed Care services sa Los Angeles County.